



26 AUG 2021

**FDA ADVISORY**

No. 2021-2210-A

**PARA: SA LAHAT NG HEALTHCARE PROFESSIONALS AT SA PUBLIKO**

**SUBJECT: Babala sa Publiko Tungkol sa Pagbili at Paggamit ng mga Pekeng Bersyon ng Sildenafil Citrate (Viagra®) 100 mg Film-Coated Tablet**

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga pekeng bersyon ng Sildenafil Citrat (Viagra®) 100 mg Film-Coated Tablet



**Larawan 1.** Paghahambing sa Tunay/Authentic at Peke/Counterfeit na Sildenafil Citrate (Viagra®) 100 mg Film-Coated Tablet (Lot # R102338413; Expiry date: 01 2025)

Ayon sa pagsusuri ng FDA kasama ang *Marketing Authorization Holder* (MAH), PF OFG Philippines, Inc. (A Viatris Company), ang nasabing produkto ay napatunayang peke. Ang paghahambing ng nakolektang pekeng gamot at kakaibang katangian ng tunay na produkto ay ang mga sumusunod:

PARAMETER	TUNAY/AUTHENTIC	PEKE/COUNTERFEIT
Carton	<p><b>Front Panel:</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>Ang karton ay may <i>Pfizer logo and blue bands</i> sa kaliwang bahagi.</li> <li>Nakalimbag ang <i>SILDENAFIL CITRATE</i> sa loob ng <i>generic box</i> na may <i>4 tablets</i> sa bandang itaas, <i>VIAGRA brand name, 100 mg Film-Coated Tablet, PDE5, manufacturer, MA holder, and Rx symbol.</i></li> </ol>	<p><b>Front Panel:</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>Ang karton ay may <i>Pfizer logo, blue and green bands</i> sa kaliwang bahagi.</li> <li><i>Printed with VIAGRA 100mg Sildenafil Citrate Film-Coated Tablets, Sildenafil citrate equivalent to sildenafil 100mg, orange circular logo, and 4-Film Coated Tablets text</i> sa kaliwang</li> </ol>



	<p>3. May nakasulat na: <i>Sildenafil should not be used by patients with heart disease taking organic nitrates in any form.</i></p> <p>4. May hologram sticker sa kanang bahaging-ibaba na naglalarawan ng dalawang magkaugnay na kandado</p>	bahaging-ibaba.
<b>Manufacturer</b>	<i>Fareva Amboise, Zone Industrielle, 29 route des Industries, 37530 Poce sur Cisse, France</i>	Walang nakalimbag sa Karton

Ang lahat ng *healthcare professionals* at publiko ay binabalaan tungkol sa paglipana ng nasabing pekeng gamot sa merkado na maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit nito. Ang publiko ay pinapaalalahanan ring bumili lamang sa mga establisyementong lisensyado ng FDA. Ugaliing tignan kung rehistrado ang produkto sa FDA sa pamamagitan ng FDA Verification Portal feature na makikita sa <http://verification.fda.gov.ph>.

Gayundin, ang lahat ng establisyemento ay binabalaang huwag magbenta ng mga pekeng gamot na nagtataglay ng nasabing katangian. Ang pagaangkat, pagbebenta at pamamahagi nito ay paglabag sa *Republic Act No. 9711 or the Food and Drug Administration Act of 2009, and Republic Act No. 8203 or the Special Law on Counterfeit Drugs*. Ang sino mang mapatunayang nagbebenta ng nasabing pekeng produkto ay mapaparusahan.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units (LGUs) and Law Enforcement Agencies (LEAs)* na tiyaking ang pekeng produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaring mag-email sa [info@fda.gov.ph](mailto:info@fda.gov.ph). Upang mag-report ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga pekeng gamut, mag-email sa [report@fda.gov.ph](mailto:report@fda.gov.ph), o mag-report gamit ang aming *online reporting facility, eReport*, sa [www.fda.gov.ph/ereport](http://www.fda.gov.ph/ereport). Maaari ring tumawag sa *Center for Drug Regulation and Research* sa numerong **(02) 8809-5596**. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamut, i-report agad sa FDA gamit ang link na ito: <https://primaryreporting.who-umc.org/Reporting/Reporter?OrganizationID=PH> at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.

  
**ROLANDO ENRIQUE D. DOMINGO, MD**  
 Director General

DTN:   
 20210804133625